# PAGTANGGAP NG SUPORTA BILANG BIKTIMA NG MODERN SLAVERY (PARA SA MGA MAY 18+ TAON)

west midlands
police and crime
commissioner

Supported by

THE ROYAL BOROUGH OF
KENSINGTON
AND CHELSEA

WEST
MIDLANDS
ANTI SLAVERY
NETWORK

Tagalog version

Itinuturing na malalang krimen ang modern slavery, o ang modernong pang-aalipin, sa UK. Maraming mga posibleng kaanyuan ito, ngunit maaaring kabilang dito ang pagsasamantalang sekswal, sapilitang pagtrabaho, eksploytasyong kriminal, ang pagkaalipin sa pamamahay, ang pagkuha ng mga organo sa katawan, at human trafficking. Ang human trafficking ay ang pagkuha, paglipat o pagtanggap ng tao sa pamamagitan ng panloloko o pagpupumilit upang malagay sila sa isang sitwasyong mapagsamantala. Maaaring sinabihan ka na pupunta ka rito upang magtrabaho nang legal ngunit nang makarating sa isang lokasyon, pinilit kang magtrabaho at may mga pagbabanta kung tumanggi ka.



# ANG NATIONAL REFERRAL MECHANISM (NRM)

Ang National Referral Mechanism (NRM) ay isang sistema para kilalanin ang mga posibleng nakaligtas mula sa modern slavery upang masigurado na makatanggap ka ng nararapat na suporta. Kung nais mong kilalanin ka ng Gobyerno ng UK bilang biktima ng modern slavery, maaari mong hilingin na ikonsidera nito ang iyong claim sa pamamagitan ng paghiling sa isang first responder o unang taga-responde na magsumite ng NRM referral. Ikokonsidera ng mga nagsanay na nagpapasya sa Home Office kung abot ng iyong claim ang mga batayan upang maituring kang biktima ng modern slavery ayon sa batas. Titiyakin muna ng mga nagpapasya kung mayroong 'reasonable grounds' o makatwirang batayan upang ipalagay na ikaw ay biktima ng modern slavery. Nilalayon nilang isagawa itong unang desisyong ito sa loob ng 5 araw, at maaari kang makatanggap ng emergency na akomodasyon o matutuluyan sa panahong ito kung ikaw ay naghihikahos. Kung makatanggap ka ng positibong reasonable grounds na desisyon, kwalipikado kang makatanggap ng nakatakdang suporta galing sa Gobyerno ng UK. Hindi ka maaaring paalisin mula sa UK habang ikinokonsidera ang iyong claim. Maaari kang makatanggap nang hindi kukulang sa 30 araw na 'rest and reflection period' o panahon upang makapagpahinga at makapag-isip. Para sa mga iba, maaaring mas matagal itong panahong ito. Sa panahong ito, maglilikom ang Gobyerno ng UK ng dagdag na impormasyon tungkol sa iyo at magsasagawa ng pinal na desisyon (ang 'Conclusive Grounds' na desisyon) kung naabot mo ang mga batayan upang maituring na biktima ng modern slavery ayon sa batas. Kung makatanggap ka ng positibong Conclusive Grounds na desisyon, maaari kang maging kwalipikado upang makatanggap ng dagdag na suporta para magpagaling.

Kung hindi ka pa handang isagawa ang desisyong ito, maaari kang humiling ng referral sa darating na panahon. Kung mahaharap ka sa pang-aabuso o kung mayroon kang mga pangangailangan sa pag-aalaga o suporta, maaari kang maging kwalipikado upang makatanggap ng suporta mula sa iyong lokal na awtoridad ayon sa Care Act (2014).

**5 ARAW** — **30 ARAW (MIN)**

**Ang pagsumite ng NRM Referral**

**Ang Unang Desisyon 'Reasonable Grounds' o Makatwirang Batayan**

**Ang Pinal na Desisyon 'Conclusive Grounds' o Pangwakas na Batayan**

# Kung nais mong ma-refer sa NRM...

Sasagutin mo at ng iyong unang taga-responde ang NRM referral. Ang unang taga-responde ay isang propesyonal na kabilang sa ilang mga organisasyong nakatanggap ng angkop na training upang magsagawa ng mga referral sa NRM, tulad ng:










Police Salvation | Army Specialist | Mga Charity | Mga Lokal na Awtoridad


Kung ikaw ay isang adult (higit 18 taon) kailangan mong magbigay ng permiso upang ma-refer sa NRM. Kung payag ka sa NRM referral, payag ka rin na ibahagi ang iyong impormasyon sa mga kinauukulang awtoridad tulad ng mga departamento sa Home Office at Pulis. Hindi ka na kailangang magharap ng report sa Pulis, ngunit maaari ka nilang kontakin at hilingin kung gusto mo ng suporta para isagawa ito. Hihilingin mula sa iyo ang iyong personal na impormasyon, ang salaysay ng mga pangyayari at iyong pagbiyahe papasok at palibot sa UK.

Ang mga Unang Taga-responde ay sinanay upang mapuna ang mga senyales o mga indikasyon ng human trafficking at modern slavery at upang magsulat ng impormasyon na makakasuporta sa iyong claim. Kailangang basahin sa iyo ng Unang Taga-responde ang lahat ng isinulat upang matiyak na ito ay tama at dapat kang humiling ng kopya ng form na ito para sa iyong mga rekord. Maaari kang ilipat sa pansamantalang akomodasyon habang isinasagawa ang prosesong ito, at ipapaalam sa iyo kung kailangan mong umalis sa akomodasyong iyon kapag natanggap mo na ang iyong reasonable grounds o makatwirang batayang desisyon.

Kung ikaw ay nakatanggap ng negatibong RG na desisyon sa puntong ito – mangyaring basahin ang seksyon ng non-NRM, maaari mo ring hilingin ang iyong unang taga-responde na iapela ang desisyong ito kung mayroon kang dagdag na ebidensiya upang suportahan ang iyong claim.



# MGA OPSYON PARA SA PAG-AALAGA AT SUPORTA SA NRM: OUTREACH SUPPORT O AKOMODASYON & SUPORTA



Kung ikaw ay nakatanggap ng positibong Reasonable Groundsna desisyon sa NRM, espesyalistang ahensiya. Ang Victim Care Contractor (VCC) ay maaaring mag-refer sa iyo sa isang organisasyong pangsuporta na tutulungan kang makakuha ng mga sumusunod:

Kung ikaw ay naghihikahos at hindi kwalipikadong makatanggap ng akomodasyon, o kung hindi ka ligtas na makapanatili sa iyong kasalukuyang tirahan, maaari kang makatanggap ng pansamantalang ligtas na akomodasyon.

IKung ikaw ay mayroong ligtas na matutuluyan, kwalipikadong makatanggap ng akomodasyon, o hindi natanggap sa isang ligtas na akomodasyon, maaari kang suportahan ng mga espesyalistang ahensiyang pangsuporta na nag-aalok ng outreach support. Paglalaanan ka ng caseworker mula sa isang lokal na espesyalistang organisasyon na bibisita sa iyo at mag-aalok ng suportang nakalista sa susunod na pahina.

**Akomodasyon** at emergency na akomodasyon

**Medikal** na paggamot at access sa counselling

**Impormasyon** tungkol sa mga kompensasyong maaaring matanggap

**Emosyonal at praktikal** na payo at suporta

**Pinansyal** at materyal na ayuda

**Legal na representasyon** at access sa legal aid o libreng serbisyo galing sa abogadoaid

**Pagbiyahe** papunta sa mga appointment

**Tulong** habang nagaganap ang paglilitis sa korte

**Training at Edukasyon** at tulong makakuha ng trabaho

**Mga serbisyo** galing sa mga interpreter o

**Tulong** upang makabalik sa sariling bansa at discretionary leave

**Suporta** para sa pag-transisyon sa paglipat sa alternatibong suporta

**5 ARAW** | **30 ARAW (MIN)**

**Ang pagsumite ng NRM Referral**

**Ang Unang Desisyon ‘Reasonable Grounds’ o Makatwirang Batayan**

**Ang Pinal na Desisyon ‘Conclusive Grounds’ o Pangwakas na Batayan**

# LEGAL NA PAYO

Kung ikaw ay may positibong reasonable o conclusive grounds decision, kwalipikado kang makatanggap ng legal na tulong para makakuha ng iilang klase ng libreng payo galing sa abogado.

Kung kailangan, maaari mong pag-usapan ang iyong mga opsyon kaugnay sa imigrasyon at makatanggap ng iba't-ibang legal na payo. Kung wala kang katayuan sa UK, kailangan mo nang pag-isipan ang iyong mga opsyon kaugnay sa imigrasyon.

Kailangan kang maglikom ng impormasyon na makatutulong sa iyo na magsagawa ng aplikasyon at humiling ng legal na payo kaugnay sa pinakamahusay na opsyon para sa iyo.



# KUNG IKAW AY NAKATANGGAP NG POSITIBONG ‘CONCLUSIVE GROUNDS’ (CG) NA DESISYON

5 ARAW — 30 ARAW (MIN)

**Ang pagsumite ng NRM Referral**

**Ang Unang Desisyon ‘Reasonable Grounds’ o Makatwirang Batayan**

**Ang Pinal na Desisyon ‘Conclusive Grounds’ o Pangwakas na Batayan**

Kung makatanggap ka ng positibong conclusive grounds (CG) na desisyon, kinukumpirma nito ang paniniwala ng Gobyerno na ikaw ay isang biktima ng modern slavery. Ang iyong support provider ay magsasagawa ng recovery needs assessment para sa iyo. Titiyakin nitong assessment na ito na hindi ititigil ang iyong suporta hanggang umabot ka sa makatwirang antas ng paggaling at kaya mong ligtas na lumipat sa suportang dulot ng ibang organisasyon.

Magkakaroon ng dagdag na suporta na hindi kukulang sa 45 araw.

Kung makatanggap ka ng negatibong conclusive grounds (CG) na desisyon, nangangahulugang hindi nakahanap ang Gobyerno ng sapat na ebidensiya na ikaw ay naging biktima ng modern slavery. Magkakaroon ka ng 9 araw na suporta upang ilipat ka mula sa isang sumusuportang organisasyon at makakatanggap ng iba pang serbisyo kung kakailanganin mo. Mangyaring basahin ang impormasyon sa kabilang pahina para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa suportang maaari mong matanggap.

Ang mga negatibong Reasonable at Conclusive grounds na desisyon ay maaaring iapela ayon sa prosesong tinatawag na Reconsideration Request o hiling upang ikonsidera muli ang mga ito. Maaaring isagawa ang mga reconsideration request kung may lumabas na dagdag na impormasyon na hindi naisama sa unang claim, o kung ikaw ay nag-aalala na ang desisyon na ibinigay ay hindi kaalinsunod sa mga patakaran. Bagama’t kahit sinuman, pati na rin ikaw, ay maaaring magsagawa ng reconsideration request, lubos naming inirerekomenda na humiling ka ng suporta mula sa iyong support provider, unang taga-responde o abogado upang tumulong sa iyo na gawin ito. Maaaring kang patuloy na makatanggap ng suporta habang isinasagawa ang proseso ng rekonsiderasyon, depende sa iyong sitwasyon at ang desisyon na kinekwestyon.



## Kung hindi ka pumasok sa NRM o kung nakatanggap ka ng negatibong reasonable (RG) o conclusive grounds (CG) na desisyon.

Ang modern slavery ay isang napaka-ispesipikong uri ng krimen. Hindi nangangahulugang dahil ikaw ay nakatanggap ng negatibong desisyon ay hindi pinaniniwalaan ang nangyari sa iyo, kundi ang naranasan mo ay maaaring hindi tumugma sa mga batayan ng modern slaveryatmaaari kang maging kwalipikado upang makakuha ng alternatibong suporta.

Kung may posibilidad na ikaw ay maaabuso o mayroon kang mga pangangailangang ukol sa pag-aalaga at suporta, maaari kang makatanggap ng suport mula sa iyong lokal na awtoridad o local authority ayon sa Care Act (2014).

# MGA OPSYON KAUGNAY SA IMIGRASYON AT LEGAL NA PAYO

Kung wala kang legal na karapatang manatili sa UK, kailangan mo nang pag-isipan ang iyong mga opsyong kaugnay sa imigrasyon. Kailangan maglikom ka ng impormasyon na makatutulong sa pagsagawa mo ng aplikasyong manatili sa UK kung iyon ang nais mo, at humiling ng legal na payo kung ano ang pinakamahusay na opsyon para sa iyo.

Ikaw ay maaaring maging kwalipikado o hindi kwalipikadong makatanggap ng pinansyal na tulong upang makakuha ng legal na payo, dapat humiling ka lamang ng payo mula sa mga kwalipikadong abogado o tagapayo, maaari ka nilang mabigyan ng legal aid, pro-bono o mga organisasyong nagbibigay ng libreng legal na payo. Dapat lagi mo munang kumpirmahin kung ang iyong abogado o legal na tagapayo ay maniningil ng bayad para sa serbisyo.

Maaari kang makahanap ng tagapayo kaugnay sa imigrasyon sa www.gov.uk at hanapin ang 'immigration adviser.' O kung hindi naman, maaari mong kontakin ang:

OFFICE OF THE IMMIGRATION SERVICES COMMISSIONER

OISC

Telepono: 0845 000 0046

Website: www.oisc.gov.uk

Labag sa batas kung ang magbibigay sa iyo ng payo ay hindi kwalipikado o hindi nakarehistro, at malamang na ang payong ibigay nila ay hindi tama o hindi pinakabago.

Kung gusto mong bumalik sa sarili mong bansa, maaaring makatulong ang Home Office Voluntary Returns Service upang makauwi ka. Maaari mo silang kontakin sa 0300 004 0202. Pag-uusapan ng team ang iyong pagbalik at anumang suporta ang kakailanganin mo. Kung ligtas ito upang gawin mo, maaari mo ring kontakin ang iyong Embassy para humiling ng suporta.

# PANGANGALAGA SA KALUSUGAN

**Kahit sinuman ay makarerehistro sa isang GP practice bilang pasyente ng NHS.**

Walang bayad para sa anumang primary care o pangunahing pangangalaga (halimbawa, GP) o sa paggamot kaugnay sa emergency. Hindi ka rin dapat magbayad para sa paggamot kung ikaw ay ordinaryong residente, isang asylum seeker o refugee o kung kinikilala ng Gobyerno na ikaw ay posibleng biktimang modern slavery.

May mga ibang paggamot sa NHS nahindi libreat maaaring hilinging magbayad ka bago ka gamutin – kailangan mong linawin sa isang medikal na propesyonal kung ano ang kwalipikado mong matanggap kung hindi ka sigurado.  Maaaring i-check ng NHS ang iyong immigration status o katayuang pang-imigrasyon sa Home Office kung hindi sila nakasisiguro sa iyong status, kailangan nilang ipaalam sa iyo kung isasagawa nila ito at bigyan ka ng impormasyon tungkol sa prosesong ito.





# PAGTANGGAP NG SUPORTA SA PABAHAY

Kung ikaw ay isang ordinaryong residente ng UK o kung mayroon kang iilang klase ng leave to remain o karapatang manatili, maaari kang maging kwalipikadong makatanggap ng pabahay sa UK at kabilang dito ang mga serbisyong kaugnay sa homelessness o kung wala kang matitirahan.

Kung wala kang legal na katayuan sa UK, maaaring hindi ka kwalipikadong makatanggap ng akomodasyon at maaaring mahirapan kang makakuha ng lugar na matutuluyan.  Kailangan mong kontakin ang iyong lokal na housing team para humiling ng payo.

Maaari kang humiling ng payo mula sa Citizens Advice Bureau o isang legal na representante kaugnay sa iyong mga karapatan at mga kwalipikadong matatanggap.

# PAGTANGGAP NG MGA BENEPISIYONG GALING SA GOBYERNO

Kung ikaw ay may settled status, isang uri ng karapatang nagbibigay permisong manatili dito tulad ng Refugee Status o Humanitarian Protection, o kung ikaw ay may karapatang tumira sa UK, maaari kang makapag-apply para makatanggap ng welfare support mula sa Gobyerno tulad ng Universal Credit.

Maaari kang makakuha ng payo mula sa Citizens Advice Bureau, sa website ng Gobyerno o sa isang tagabigay ng legal na payo upang malaman kung kwalipikado kang mag-apply para makatanggap ng welfare support.



# SUPORTA PARA SA MGA ASYLUM SEEKER

Kung ikaw ay isang asylum seeker o kung gusto mong magharap ng asylum claim, maaari kang makatanggap ng National Asylum Seeker Support (NASS), mangyaring basahin ang information sheet para sa mga detalye sa pagkontak.

Inirerekomenda namin na humiling ka muna ng legal na payo bago magharap ng isang asylum claim.



## West Midlands Anti Slavery Network

Kami ay isang charity na naglalayong sumuporta sa mga biktima ng modern slavery at human trafficking.

Kung mayroon ka mang karagdagang mga katanungan o mga komento, mangyaring kontakin kami sa westmidlandsantislavery.org o sa pamamagitan ng pag-scan ng QR code gamit ang iyong smartphone.

# ANG IYONG MGA TALA



Wates
supported by Wates Group

Supported by
THE ROYAL BOROUGH OF KENSINGTON AND CHELSEA

west midlands police and crime commissioner

WEST MIDLANDS ANTI SLAVERY NETWORK